# Pagninilay Mula sa Aklat ng Ruth Yugto 1

"1 At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak na lalake. 2At ang pangalan ng lalake ay Elimelech, at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Noemi, at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak ay Mahalon at Chelion, mga Ephrateo na taga Bethlehem-juda. At sila'y naparoon sa lupain ng Moab, at nanirahan doon. 3At si Elimelech na asawa ni Noemi ay namatay: at siya'y naiwan at ang kaniyang dalawang anak. 4At sila'y nagsipagasawa sa mga babae sa Moab; ang pangalan ng isa'y Orpha, at ang pangalan ng isa'y Ruth: at sila'y tumahan doon na may sangpung taon. 5At namatay kapuwa si Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa.6Nang magkagayo'y bumangon siya na kasama ng kaniyang dalawang manugang upang siya'y bumalik mula sa lupain ng Moab: sapagka't kaniyang nabalitaan sa lupain ng Moab kung paanong dinalaw ng Panginoon ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay. " (Ruth 1:1-6)

"1 At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak na lalake." (Ruth 1:1) Ang aklat ng Ruth ay naganap noong panahon ng mga hukom. Ang mga katangian ng mga bagay ng yugtong ito ay ang sumusunod: "Nang mga araw na yao'y walang hari sa Israel: ginagawa ng bawa't isa ang matuwid sa kaniyang sariling mga mata." (Hukom 21:25) Walang hari at walang pinuno ng ulo ng sibat o namumuno na nakatutok sa usapin ng Kaharian at nakadirekta sa mga tao at nagdidikta sa kanila kung ano ang kinakailangan nilang gawin. Si Moises bago siya namatay, siya'y nagsumamo sa Diyos upang may itayong isang lalaking sa halip niya, upang pangunahan ang mga tao para palabasin sila at dalhin palaoob sila gaya ng isang pastol na nag-aakay sa tupa. Kaya itinayo ng Panginoon si Josue na nag-akay sa mga tao pagkatapos ng pagkamatay ni Moises at dinala sila sa Lupang Pangako. Datapuwa't si Josue ay hindi nagtalaga ng sinumang tao na hahalili sa kanyang lugar at posisyon upang pangunahan ang mga tao at iderikta sila sa daan na kailangan nilang puntahan. Kaya pagkatapos ni Josue ay mayroong puwang sa pamumuno at ang puwang na iyon ang nakagawa sa mga tao na umasa sa kanilang sarili sa anumang desisyon na kinakailangan nilang kunin kapag sila'y humahanap sa mga pagsubok at kahirapan. At magkagayo'y bawat isa sa kanila ay manumbalik na gawin kung anong inaakala mabuti sa kanyang sariling mga mata.

Yan ang mapanganib dito sa ganoong puwang sa buhay ng bayan ng Diyos, na walang namumuno sa simbahan, na magdidirekta sa kanila at gagabay sa kanila kung ano ang kailangan nilang gawin kapag mayroong suliranin na nangyayari sa kanilang buhay. Ang puwang na ito'y makikita din sa mga tao na umalis sa simbahan sapagka't ayaw nilang masuri at masiyasat sa pamamagitan ng namumumo ng simbahan o ayaw nilang makialam ang simbahan sa kanilang buhay at gustong gawin ang kanilang sariling kalooban.

Kaya't tayo bilang isang simbahan ay dapat gawin ang lahat ng ating makakaya at panatilihin ang ating pamumuno, na maabot ang buhay ng mga tao mula sa ating mga kapatiran para matulungan sila sa kanilang pakikibaka upang makagawa ng tamang desisyon na kailangan nila upang patuloy na maglingkod sa Diyos at patuloy na gawin ang Kanyang kalooban.

"1 At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak na lalake." (Ruth 1:1) Ang pamilyang ito ay nakatira sa Betlehem, at ang ibig sabihin ng Betlehem ay bahay ng tinapay at sinabi ni Jesus, "Ako ang tinapay ng buhay". Si Jesus ay ipinanganak sa Bethlehem, kaya ang pamilyang ito ay nasa ligtas na lugar na nais ng Diyos sa kanila ay patuloy na naroroon. Mayroon silang lupain na maari nilang pagtaniman, sila'y may bahay, sila'y may pamilya at mga anak. Lahat ng bagay ay mayroon sila at nasa sa kanila ang Diyos. Datapuwa't ang kanilang desisyon na lisanin ang Bethlehem ay nakapinsala sa kanila. Ito ay isang paglisan sa Diyos. Ang taggutom na dumating, ay hindi isang dahilan, kundi isang dahilan na ginamit nila upang umalis.

Pinahintulot ng Diyos ang taggutom para sa maramihang dahilan. Ito ay maaring disiplina at kailangan nilang dinggin ito. Ito ay maaring pagsubok na ipinahintulot ng Diyos upang turuan silang mabuhay sa pagdurusa at

pagdaanan ang makipot na pintuan. O sinusubok Niya ang pananampalataya ng mga tao; na kung sila'y mananatili sa Diyos o lalayo sa Diyos; kaya nang si Elimelech nang kinuha niya ang kanyang pamilya at umalis sa panahon ng taggutom, hindi siya gumawa ng mabuti. Hinihintay siya ng Diyos upang manindigan at magtiis kasama ng Diyos at ng Kanyang mga alagad.

Ang mga Kristiyano ay hindi dapat maging opurtunista. Hindi lamang dapat silang manatili sa Diyos kapag sila'y may natatanggap ng matatabang mga bagay at karangalan at mga biyaya ng Diyos. Ngunit ang higit na kailangan nilang ay tumalima sa Diyos, sa mga pagsubok, sa taggutom, sa tagtuyot, at patuloy na manatili sa Diyos, sa Kanyang Salita, kay JesuCristo, sa Betlehem, sa bahay ng Tinapay, sa Kanyang Salita, na kailangan natin sa ating buhay, sa Simbahan ng Diyos, ang katawan ni Cristo na inilagay Niya sa atin. Kapag ikaw ay lumayo sa panahon ng mga pagsubok mula sa dako kung saang ikaw ay inilagay ng Diyos, ikaw ay lumalayo sa Diyos at sinisira mo ang iyong pangako at tipan sa Kanya, at iyon ay kasalanan, at magdadala ng kamatayan, gaya ng pagkamatay na pumaloob sa pamilya ni Elimelech.

"2 At ang pangalan ng lalake ay Elimelech, at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Noemi, at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak ay Mahalon at Chelion, mga Ephrateo na taga Bethlehem-juda. At sila'y naparoon sa lupain ng Moab, at nanirahan doon. " (Ruth 1:2) Ang kahulugan ng Elimelech ay "Ang aking Diyos ay hari". Ang Diyos ay ang tunay na Hari sa buong buhay ng Kanyang bayan at batid Niya kung paanong haharapin sila kapag sila'y gumawa ng kanilang pansarili. Ngunit Kanyang panunumbalikin sila kapag sila'y nagsisi at bumalik sa Kanya. Ang 'Eli' ay Diyos at 'melech' ay hari o may-ari. Kaya nang tinanong nila si Elimelech kung ano ang kanyang pangalan, ang Diyos ang aking hari, o ang Diyos ang may-ari sa akin. Ngunit hindi siya kumikilos gaya ng ganoon na ang Diyos ang hari o may-ari ng kanyang buhay. Marami ang sa kanila'y nagsasalita ng Salita ng Diyos ngunit hindi nila hinahayaan ang Diyos na maging Panginoon ng kanilang buong buhay, sa kanilang mga pangalan, ang Diyos ay ang Hari, ngunit sa katotohanan, sila ang mga hari ng kanilang sariling buhay. Ginagawa nila ang kanilang pansarili, gingawa nila ang kanilang mga pagpipilian batay sa kanilang sariling laman ng pagnanasa, at walang patnubay ng Diyos at ng Kanyang kalooban, kaya naman makikita sila na nagtapos sa pagpili sa Moabita.

Ang pangalan ng Naoemi ay 'galak' o 'pagpapala' , ngunit nang siya ay umalis sa Diyos nawala ang ibinigay Niya sa kanya, kaya naman nang siya ay bumalik sinabi niya sa kanila na tawagin siyang 'Mara''. "20 At sinabi ni Noemi sa kaniyang manugang: Pagpalain nawa siya ng Panginoon, na hindi ikinait ang kaniyang kagandahang loob sa mga buhay at sa mga patay. At sinabi ni Noemi sa kaniya, Ang lalaking yaon ay isa sa mga kamaganak na malapit natin, isang pinakamalapit na kamaganak natin" (Ruth 2:20) Ang ibig sabihin ng pangalang 'Mara' ay 'kapaitan' . Sapagka't nawala sa kanya ang pagpapala ng Diyos nang siya ay umalis sa Bethlehem, ang tahanan ng tinapay; mula kay JesuCristo, sa Kanyang simbahan at mula sa Diyos. Pinatotohanan pa Niya, 21At sinabi ni Ruth na Moabita, Oo, sinabi niya sa akin, Ikaw ay sumunod na malapit sa aking mga bataan hanggang sa kanilang matapos ang aking ani." (Ruth 2:21) Kaya mula sa sinalita mula sa kanyang bibig makikita natin ng malinaw na ang kanyang pamilya ay pinagpala at sila'y mayroong buong pagpapala ng Diyos. Nakakalungkot na sabihin na marami ang hindi nakakakita ng mga pagpapala ng Diyos sa kanilang buhay. Sila'y nagrereklamo, nakikipag-away, sila'y mayroong paninibugho, pagseselos, sila'y walang kasiyahan, lugod ay sila'y gumawa ng maling hakbang, sila'y kumawala sa kapayapaan, sila'y gumawa ng mga kaguluhan sa kanilang buhay dahil sila'y nabigong makita ang mga pagpapala ng Diyos sa kanilang buhay. Sa ganyang pagdurusa ay hindi dahil sa kakulangan ng mga biyaya kundi dahil sa kanilang kamunduhan at nahikayat sila sa ganoong maling mga pagpili, na madali silang lumayo mula sa Diyos para sa anumang parating na mga dahilan alinmang taggutom, pagsubok, paguusig, karamdaman, kawalan ng pag-asa atbp. Ang pamilyang ito ay walang kaguluhan ngunit sila'y lumikha ng suliranin para sa kanilang sarili sa kung anong kanilang napagpasyan na gawin dahil sa kanilang pagkahalina. Aking sinabi ang katulad sa ilang mga tao na pinagpala at kumikilos gaya ni Elimelech, 'Ikaw ay walang suliranin, ngunit ikaw ay lumilikha ng suliranin para sa iyong saliri'. Si Naoemi ay hindi nagalak sa Panginoon kaya naman nawala sa kanya kung anong mayroon siya at siya'y nabigo na tanggapin ang paghahangad ng kanyang puso, ngunit sa huli nang kanyang natutunan niyang magalak sa kanyang sarili sa Panginoon ibinigay Niya sa kanya ang paghahangad ng kanyang puso. "Magpakaligayaka ka naman sa Panginoon; at bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso." (Awit 37:4) Matutong magpakumbaba, at matutunang kumilos, matutong makinig sa pagsaway at magpakaligaya ka sa Panginoon upang ibigay sa iyo ang nasa iyong puso.

Ang kahulugan ng 'Mahlon' ay 'sakit'. Ang karamdaman ay darating sa iyo kapag ikaw kumilos palayo sa Diyos. Datapuwa't kapag ikaw ay nagsisi walang karamdaman ang makakahadlang sa plano ng Diyos. Ang kahulugan ng 'Chilion' ay 'pananabik', o 'paghahangad'. * Kapag ikaw ay lumayo mula sa Diyos ang iyong pananabik ay hindi matutupad hangga't ikaw ay bumalik sa Kanya. * Kapag ikaw ay may hinahangad na makatanggap ng isang bagay mula sa Panginoon kailangan mong magtiis na maging malapit sa Diyos para matanggap mo ang iyong hinahangad.

"........... At sila'y naparoon sa lupain ng Moab, at nanirahan doon." (Ruth 1:2) Ibig sabihin ang kanilang pasya na umalis ng Betlehem ay isang bagay na handa sa kanilang puso, at nang ang taggutom ay dumating sila'y pumaroon sa Moab at sila'y nagpatuloy doon; na parang sila ay komportable sa kanilang pasya dahil ito ay karapat dapat na nasa loob nila sa makamundong pagnanasa.

"3 At si Elimelech na asawa ni Noemi ay namatay: at siya'y naiwan at ang kaniyang dalawang anak." (Ruth 1:3) Ang maling kapasyahan sa buhay ay parang maaring tama sa simula ngunit sa huli ito magpapatunay na mali at nakakapinsala. Sa ganoon ang hindi inaasahang pagkamatay, ang pamilya ay dapat kinuha bilang isang babala mula sa Diyos upang bumalik. Ngunit hindi sila nakinig sa unang disiplina ng Diyos. Marami sa matitigas ang ulo at masuwayin, kapag sila'y gumawa ng mali at dinisiplina sila ng Diyos para doon, ipipilit nila ang kanilang katayuan kahit na alam nila na ito ay mali at laban sa kalooban ng Diyos. Kaya't didisiplinahin sila ng Diyos ang Kanyang bayan kapag nakikita Niya sila na gumagawa ng kanilang sariling kalooban at plano.

"4 At sila'y nagsipagasawa sa mga babae sa Moab; ang pangalan ng isa'y Orpha, at ang pangalan ng isa'y Ruth: at sila'y tumahan doon na may sangpung taon. 5 At namatay kapuwa si Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa." (Ruth 1:4-5) Hindi nila kinilala ang babala ng unang kamatayan, at sila'y hindi nagpakumbaba sa mga kamay ng Diyos at bumalik. Nais ng Diyos sa kanila na bumalik, dahil may ministerio at paglilingkod para sa kanila na kinakailangan nilang gawin para sa Diyos. Ngunit sa halip sila'y gumawa ng panibagong maling bagay. Sila'y pumunta at nag-asawa ng Moabita babae na ipinagbabawal ng Diyos sa kanila mula sa pag-aasawa at makihalubilo sa ganyang mga bansa. Pagkatapos nilang gawin mapapagmasdan natin ang walang kasiyahan ng Diyos sa kanila sa pagdudulot ng dalawang bagay para mangyari:

Pagkabaog: Parehong si Mahlon at Chillion ay hindi nagkaanak.
Kamatayan: Ito ay nakakapagataka na silang pareho ay namatay at sila'y mga bata pa.

Ito ay hindi nagkataon na mangyari sa kanilang dalawa. Sila'y napakabata upang mamatay. Ang Diyos sa pamamagitan ng ganoong pagpapadala ng malinaw na mensahe sa mga umalis laban sa Kanyang kalooban ay hindi magtatagumpay.Ang higit na ikaw ay naghihimagsik at lumayo mula sa Diyos, ang higit na ikaw ay magdurusa. Ang higit na ikaw ay nagmamatigas, ang higit na ikaw ay maghihirap. Mabuti na ikaw ay magpakumbaba at kunin ang babala mula sa unang disiplina upang hindi matanggap ang susunod pagsabog ng walang kasiyahan ng Diyos.

Ang disiplina ng Diyos ay masakit sa tiyak na panahon. Ngunit ang mensahe ngayon ay napakalinaw na ang pamilyang ito ay lumagpas sa pulang ilaw ag kinakailangan nilang pigilan mula sa kanilang maling gawain. Mapapansin at maihahambing, kung ano ang mabuti, isang simbahan na pumipigil sa iyo at nagbabawal sa iyo at disiplinahin ka at gumagawa para pigilan ang poot ng Diyos mula sa pagabot sa iyo, o ang simbahan ay hayaan kang mag isa na gawin kung ano ang iyong nais at sa huli tatanggapin mo ang disiplina ng Diyos at paghihiganti ng Diyos? Ano ang mas mabuti na ang pamilya ni Elimelech ay masarahan at mapigilan mula sa pagalis sa Betlehem o hayaan silang umalis sa kanilang sariling paraan at harapin ang poot at kamatayan ng Diyos?

Ako'y nakumbinsi at ako'y ganap na naniniwala na kung ang mga simbahan ay may malinaw na dinisiplina ang kanilang mga kasapi at paghigpitan sila mula sa paggawa ng kanilang sariling kalooban at pigilan sila sa pagtawid sa pulang ilaw, at kung ang mga kasapi ng simbahan ng Diyos ay ipinakumababa ang kanilang sarili sa harapan ng tagubilin ng Diyos na ibinibigay ng simbahan, sa gayon ako'y naniniwala na ang pandemic ng COVID na

tumawid at nakaapekto ng malaki sa buong mundo ay hindi naganap. Ngunit ano ang aking masasabi sa ngayon, na ang mga tao ay pinili ang mahirap na paraan upang kunin ang kanilang aral.

Para sa akin gaya ng aking nakita sa ginagawa ng Diyos at kung paanong dinidisiplina Niya ang buong sanglibutan mas pipiliin kong maging mahigpit at sumunod sa Diyos at disiplinahin ang Kanyang bayan at ang ministerio na nasa aking pangangalaga, at iyon ay mas ligtas at mas higit na pakinabang sa mga tao kaysa hindi pagdisiplina sa kanila at hayaan ang poot ng Diyos ay bumagsak sa kanila.

Ang mga tao ay karaniwang ipinahayag na ako'y nakakatakot na tao dahil ako'y estrikto. Ngunit sa aking sarili ako'y isang mahinang tao sa katawan. Inilalaan ko ang aking buhay ng higit sa pagaayuno. Ngayon halos hindi ko kayang tumakbo, ako'y mahinang lumakad, hindi ko na kayang magbuhat ng mabigat na mga bagay, aking sinasabi lamang iyong para sabihin sayo na sa pisikal hindi ako makakagawa ng anumang pinsala sa mga tao, kaya bakit kailangan nilang matakot sa akin? Ngunit sa halip dapat silang matakot sa Diyos at matakot sa Kanya at magsisi sa kanilang mga kasalanan. Maibibigay ko lamang Salita ng Diyos na magdudulot ng hapdi sa kanila sapagka't ito nagpapakita ng kanilang mga kasalanan na hindi nila kayang isuko, ngunit ang Diyos ang kayang magbigay sa kanila ng napakasakit na disiplina na maaring maging maraming uri at ng maraming kahihinatnan kung sila'y hindi makikinig at magsisi.

Sa kung anong ating binasa dito sa aklat ng Ruth at isang totoong nakakagimbal na salaysay at masakit na pangyayari na ipinatupad ng Diyos laban sa pamilya ni Elimelech. Hindi lamang iyon ang napakasakit na mga kasaysayan sa Bibiliya., mas masakit pa kaysa ganyan. Kaya tayo'y nagbabasa ng Bibliya para matuto ng mga aral mula sa Banal na Kasulatan upang tayo'y hindi mabigo sa parehong kamalian ng iba at masaktan. "4 At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pagasa." (Roma 5:4) "6 Ang mga bagay na ito nga'y pawang naging mga halimbawa sa atin, upang huwag tayong magsipagnasa ng mga bagay na masama na gaya naman nila na nagsipagnasa." (1 Corinto 10:6) Kaya dapat huwag tayong magnasa sa mga bagay na kanilang pinagnasaan. Ang mga tao na walang alam kung ano ang nasa Bibliya o sa mga hindi nagbabasa ng kanilang Bibliya, at marami ay katulad nila, hindi nila nakikita kung gaano kasakit ang disiplina ng Diyos sa atin. * Kaya kailangan mong magbasa ng Bibliya araw araw upang mapaalalahanan, at kunin ang babala at tigilan ang paggawa ng sarili mong kalooban, at tigilan ang pagnanasa sa makamundong mga bagay. *Ang bahagi na binabasa mo sa pang araw araw mula sa Bibliya ay ang Salita ng Diyos, at iyon ang nais ng Diyos na malaman mo at manirawa sa kung anong nalalaman mo dati upang iwasang bumagsak sa parehong mga pagkakamali at kamalian na nagdulot sa iyo ng mga kaguluhan. Ang magandang halaga ng 3-4 na mga kabanata sa araw araw ay mabuti para ibigay sa iyo ang tamang pagiisip. Oo ang bahaging iyon na ating binasa mula sa Bibiliya sa ating pang araw-araw na programa ng pagbabasa ng Bibliya, gaya ng ating binabasa ng tuloy tuloy mula sa simula hanggang wakas, at ang bahagi na itinalaga ng Diyos para sa atin upang basahin upang maliwanagan para labanan ang diablo at maiwasan anga tukso.

".........At sila'y tumahan doon na may sangpung taon." (Ruth 1:4) Sila'y nanatili sa Moab sa loob ng sampung taon. * Makikita mo dito upang suriin ang ilang pagpapasya kung ito ay tama o mali, ang panahon ay makakatulong sa atin na makita ang mga bagay sa isang mas malinaw na paraan. Ang ilang mga maling pagpapasya ay makikita mong mabuti sa pasimula ngunit sa huli ito ay magpapatunay na kabaligtaran. * Kaya ang pinakamahusay na bagay para magpasya ay hindi nakasalalay sa ating nakikita ng mga pangyayaring nakapalibot sa atin o sa maari nating maunawaan sa ating kaisipan. Ito'y maaring magakay sa ating ng maling kapasyahan, sa gayon sa wakas ay kailangan natin umasa sa sinasabi ng tinig ng Diyos.

"5 At namatay kapuwa si Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa." (Ruth 1:5) Kaya narito ang balo ni Elimelech ay nagtapos na siya ay mayroong sa kanyang bahay na dalawang mga balo sa kanyang dalawang anak na lalaki na namatay. Pareho silang mga bata at walang anak. At malamang si Naoemi ay may magandang saloobin sa dalawang balong ito na sa huli sila'y magkaroon ng mga pamilya na may mga anak. Kailangan nating magkaroon ng mabuting pagiisip at magkaroon ng malasakit sa mga taong nasa palibot natin o ang mga na kasama natin sa isang paraan o iba pa.

"6 Nang magkagayo'y bumangon siya na kasama ng kaniyang dalawang manugang upang siya'y bumalik mula sa lupain ng Moab: sapagka't kaniyang nabalitaan sa lupain ng Moab kung paanong dinalaw ng Panginoon ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay." (Ruth 1:6) Si Naoemi pagkatapos sa nangyari siya ay may malinaw na pasya at nagpasya na bumalik sa Betlehem. Ang Diyos din ay tapat, Siya ay gumawa ng daan. Ginawa Niya na marinig niya sa bansa ng Moab kung paanong dinalaw ng PANGINOON ang Kanyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay. Ang balitang iyon na kanyang narinig ay nagpatibay sa kanyang desisyon na ginawa niya upang bumalik sa Diyos. Ako'y naniniwala pagkatapos sa nangyari sa tatlong mga pagkamatay. Si Naoemi ay nagpasyang bumalik, ngunit siya may hinihintay lamang para sa isang bagay upang pasimulan ang kanyang paglalakbay para bumalik. Pinahintulutan ng Diyos ang ilang mga balita na kailangan nating marinig para dumating sa atin. Hindi kailangan tayong maistorbo o magalala tungkol sa nangyayari sa palibot natin, at hindi natin kailangang mag alala na makinig sa lahat ng mga balita na kailangan nating marinig upang tulungan tayo para kunin ang pagpapasya na kailangan nating gawin.

Sa aking mahal at minamahal: "Dinalaw ng Panginoon ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay." Ang Diyos ay mapagbiyaya. Hinayaan Niya ang taggutom at mga pagsubok at mga suliranin na dumating, at hinayaan ito sumandali, ngunit pagkatapos Siya ay mahahabagin. Siya ay darating sa Kanyang panahon at papaginhawain tayo. Kaya kailangan nating ipakumbaba ang ating sarili at maghintay sa Diyos hanggang siya ay dumating at lutasin ang usapin. Kaya dito mauunawaan natin na may ibang mga tao sa Betlehem na dumaan sa parehong mga suliranin ngunit hindi nila iniwan ito, kundi nagtiyaga kasama ng Diyos at ginantimpalaan sa tamang panahon. Sa ilang panahon kapag tayo'y dumadaan sa mga pagsubok at pagtitiyaga sa pagbabata sa mga ito, habang ang iba na nakapalibot sa atin ay madaya upang iwasan ang disiplina ng Diyos; mapapansin natin ang ating mga sarili na tayo'y natututo at maaring tayo ay sumama ang loob at nawalan ng pagasa. Iyon ay hindi maganda pagtugon. Tayo ay magalak, at hindi kailangang ihambing ang ating mga sarili sa mga hindi sumusunod sa Diyos sapagkat alam natin na ang Diyos ay tapat at hindi Niya hahayaan na ang masama ay magtagumpay o hindi maparusahan. Ang Diyos ay darating at dadalawin ang Kanyang bayan upang gumawa ng paraan sa mga umalis para bumalik. Kagaya ng alibughang anak na umalis sa tahanan ng ama, pagkatapos nang siya ay magutom naalala niya kung gaano karami mga lingkod sa tahanan ng kanyang ama, sa mga naglilingkod, sila'y kumakain at mayroong marami.

Bakit ginawa ng Diyos ang ganyang pagkilos na sa huli'y Kanyang parurusahan ang masama at gagantimpalaan ang masunurin at sa mga nagtiyaga gawin ang Kanyang kalooban? Sapagka't nais ng Diyos sa lahat na Siya ang pinakamataas at ang Kanyang Salita ay higit sa lahat.

Sa oras na ito hinihikayat kita na lumisan mula sa Moab, upang tumalikod sa mga kasalanan, at bumalik sa tahanan ng Diyos at bumalik sa ministerio at sa pagtawag ng Diyos at sa kung anong kailangan Niya sayo upang gawin. Huwag maghintay sa huli at huwag maghintay ng panibagong pagsabog para magpasyang bumalik.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita, at sa pagsaway na aking tinanggap sa mensaheng ito na nagpabuti ng aking pananampalataya.

Panginoon ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan. Panginoon aking tinatalikuram ang kamunduhan, paggawa ng sariling kalooban, kakulangan ng katapatan, paglayo mula sayo, walang kahandaan magdusa, paggawa ng sarilinb kapasyahan, at walang kahandaang maglingkod sa iyo.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili sa mga simulain na aking tinanggap mula sa iyong Salita. Panginoon ako'y bumabalik sayo, sa iyong salita, at sa iyong kalooban at sa plano na iyong itinalaga sa akin. Panginoon ibinibigay ko sa iyo ang aking pasanin sapagkat alam ko iniibig mo ako, inaalagaan mo ako, at pinanumbalik mo ako. Panginoon bigyan mo ako ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu para magkaroon ng katangian at paguugali ni Jesus sa aking buhay. Panginoon pusposin mo ako ng Banal na Espiritu na pumunta at ipangaral ang iyong Salita at magebanghelyo at abutin ang bagong mva tao at idisipolo sila.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinanagako ang kanilang mga sarili sa layunin ng iyong mensaheng ito at ipinakumbaba ang kanilang sarili sa harap mo at sumunod at inilapat ang iyong Salita sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain sila, bigyan sila ng higit na biyaya, Panginoon paginhawain sila at itaas sila sa tamang panahon. Panginoon ingatan sila at lutasina ng kanilang mga suliranin.

Panginoon ako'y nanalangin na manguna ka sa harapan namin bilang isang simbahan at patnubayan kami sa mga kalye, gusali, bayan, mga nayon at abutin ang bagong mga tao at dalhin si Jesus sa kanilang buhay. Panginoon tulungan kami na aming buhay halimbawa ay maging kaakit akit sa iba upang ikaw ay makilala at upang sumunod sa iyo. Panginoon puspoin mong muli kami ng Banal na Espiritu upang kami'y makapunta at magebanghelyo at gumawa ng bagong mga disipolo at buuin ang gawain na itinalaga mo para sa amin upang gawin. Upang tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami ng kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon tulungan kami makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com